ARALING PANLIPUNAN – WOW

WOW

Ang mga episode ng Wow ay nagpapaunawa sa pinagmulan at pag-unlad ng iba't ibang bayan o lungsod, lalawigan at rehiyon kaugnay ng mga aspetong pangkultura, pampulitika, panlipunan at pangkabuhayan gamit ang pananaw sa pagpapatuloy at pagbabago, pakikisalamuha ng tao at kapaligirang pisikal at sosyal. Naipagmamalaki ang pagka-Pilipino at ang bansang Pilipinas na may pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba ng mga kulturang Pilipino.

Salitang Gamit: Filipino

Region I

Vigan

Ang Vigan City ay isa sa mga pangunahing bayan sa larangan ng kalakalan sa Hilagang Pilipinas noon at maging hanggang sa kasalukuan. Nag-iwan ang pananakop ng Espanya ng mga kaakit akit na mga bahay na bato at mga istrikturang hanggang sa kasalukuyan ay dinarayo pa rin ng mga turista. Buhay na buhay pa rin ang mga sinaunang kultura na naipamamalas sa mga antigo at bagong katutubong kagamitan, iba't ibang uri ng sining, pagkain, at mga magigiliw at palakaibigang mamamayan.

Jun 8 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Jun 15 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

Region I

Bauang

Sa bahagi ng Ilocos Region, isa ang Bauwang sa mga pangunahing bayan sa lalawigan ng La Union. Sinasabing ito ay ipinangalan mula sa isang paboritong pampalasa ng Filipino, ang bawang ("onion") sapagkat noon raw ay maraming tanim na ganito roon. Ang lalawigan ay dating tinawag na "Beach Capital of the Philippines." Sa ngayon, ang Bauang ay sikat sa produktong "guapple" (isang malaki at malutong na prutas na pinaghalong "guava" o bayabas at "apple" o mansanas) at ang 40 o higit pa na produktong galing dito.

Jun 9 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Jun 16 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Jun 22 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

Region I

Pangasinan

Ang Pangasinan ay isang probinsya sa Region I na nasa baybayin ng Luzon sa bahagi ng Lingayen Gulf at West Philippine Sea. Ang kabisera nito ay Lingayen. Ang Pangasinan ay ang pangalan ng probinsya, tawag o turing sa mga taong naninirahan dito, at ang pangunahing salita sa lalawigan.

Jun 23 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Jun 29 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

Region II

Batanes

Ang tampok na palabas na ito ay isang lakbay-aral sa Batanes (Region II) sa Pilipinas o kilala din bilang "Home of the Winds." Ang natatanging lugar sa bansa na nakararanas ng "four seasons": tagsibol, tag-init, taglagas at taglamig (ngunit walang niyebe o snow), ang lalawigang ito ay nasa pinakadulong-hilaga ng bansa, at mas malapit sa Taiwan kaysa sa Maynila.

Jun 30 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Jul 6 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

Cordillera Administrative Region

Kalinga

Ang Kalinga na nasa Cordillera Autonomous Region (o CAR) ay isang lalawigan ng matatarik na bundok; taluktok at magkakadikit na rurok; ilang kapatagan; mga talampas at lambak; at mga madudulas at mataas na burol. Ang Kalinga at Apayao ang kinalabasan ng batas na naghiwalay sa

dating Kalinga-Apayao upang mas maiging mapagsilbihan ang mga pangangailangan ng maraming katutubo roon.

Jul 7 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Jun 13 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

Cordillera Administrative Region

Ifugao

Isa ito sa mga natatanging lalawigan sa Cordillera Administrative Region (CAR) dahil sa taglay na kagandahan ng mga bundok at taluktok, taniman, kultura, at ng mga taga roong kung tawagin ay mga Ifugao. Ito ang tahanan rin ng mga tanyag sa buong mundong hagdan hagdang palayan o rice terraces. Ang episode na ito ay isang pagpaparangal sa lalawigan, sa mga mamamayan at sa kanilang mayamang kultura at mga tradisyon.

Jul 14 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Jul 20 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

Cordillera Administrative Region

Bale

Ang tampok na ito ay patungkol sa mga Ifugao at ang kanilang tahanan, ang Bale, at kung paano ito pinagmumulan ng malalim na pagkakaugnay ng tao sa kanyang kalikasan. Sa programang ito, ilalarawan din ang pamumuhay sa lugar, at kung paano pinahahalagahan ng mga Ifugao ang kanilang kultura.

Jul 21 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Jul 27 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

Cordillera Administrative Region

Baguio

Ang mataas na Baguio City ay ang pangunahing destinasyon sa Cordillera Adiminstrative Region (CAR) at Northern Luzon. Ito rin ang tinaguriang "Summer Capital of the Philippines." Kilala ito sa malamig na klima, mga punong pino o pine trees, at malalawak na taniman ng strawberries at mga bulaklak. Bilang tagpuan ng mga tao sa mga karatig na kabundukan, ang Baguio ang sentro ng iba't ibang kultura at edukasyon, negosyo at industriya.

Jul 28 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Aug 3 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

Region III

Baler

Ang Baler ang sentro ng politika at ekonomiya ng lalawigan ng Aurora sa Central Luzon (o Region III). Ito ay nasa 230 kilometro sa Hilagang Silangan ng Manila at maaaring matunton sa pamamagitan ng bus at mga pribadong sasakyan. Dito matatagpuan ang mga malalawak na lupaing pangsakahan. Ang pangunahing pinagkukunan kabuhayan dito ay agrikultura. Ang mga matataas na alon na umaabot sa mahigit na 9 na talampakan ang nagsisilbing pangunahing pang-akit sa turista ng Baler na siyang nagdadala rito ng ilang daang "surfers" tuwing "surfing season" (September hanggang February).

Aug 4 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Aug 10 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

National Capital Region

Manila

Manila o Maynila ang kabisera ng Pilipinas at ito ay nasa National Capital Region (o NCR). Ang mga pangunahing dinadayo dito ay ang sinauna at makasaysayang "walled city" ng Intramuros at Rizal Park, at mga tanghalan at pasyalan sa Cultural Center of the Philippines (CCP) Complex.

Aug 11 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Aug 17 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

National Capital Region

Pasig

Matatagpuan sa dakong silangang bahagi ng Metro Manila, ang Pasig (ngayon ay "City of Pasig") na siyang dating kabisera ng Rizal. Nang nabuo ang Metro Manila nuong 1970s, ang Pasig ang isa sa mga bayang napasama rito. Ang mga karating na siyudad nito ay ang Mandaluyong sa kanluran; Marikina at Quezon City sa hilaga; Makati, Taguig at Pateros sa timog; at ang lalawigan ng Rizal sa silangan.

Aug 18 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Aug 24 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

Region 4A

Morong

Ang bayan ng Morong na nasa silangang bahagi ng Rizal ay dating kabisera nito noong panahon ng pananakop ng Espanyol. Ang malawak na lupain ng ngayo'y lalawigan ng Rizal ay tinagurian dating "Distrito Political de Morong." Ang dating distrito o kilala ngayon bilang lalawigan ng Rizal ay dating

kinabibilangan ng mga lungsod na bumubuo sa Metro Manila ngayon tulad ng Malabon at Navotas sa hilaga, Makati, Parañaque at Muntinlupa sa timog, at ilan pa.

Aug 25 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Aug 31 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

Region 4A

Tanay Part 2

Ang Tanay ay naging isang pueblo (o bayan) noong 1606 sa pangalan na "Monte Tan-ay", ito ay nasa 57 kilometro sa silangan ng Maynila at isa sa mga pinakamalaking bayan sa lalawigan ng Rizal. Ito ay napaliligiran ng bundok ng Sierra Madre at nasa hangganan ng Antipolo City sa hilagang kanluran; Baras, Morong at Teresa sa Kanluran; General Nakas (Quezon Province) sa silangan; at Pililla, Santa Maria (Laguna) at maging ng Laguna de Bay sa timog.

Sep 1 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Sep 7 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

Region X

Cagayan de Oro

Ang Cagayan de Oro City (o CDO) ay ang sentro ng Northern Mindanao (Region X). Ito ay matatagpuan sa dakong hilaga ng Mindanao at nasa hangganan ng mga bayan ng Opol sa kanluran; Tagaloan sa silangan; at mga lalawigan ng Bukidnon at Lanao del Norte sa timog. Ang Cagayan de Oro ay kilala sa whitewater rafting adventure at ang pasalubong na Vjandep Pastel.

Sep 29 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Oct 6 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Oct 12 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

Region XI

Davao

Ipinagdiriwang ng Knowledge Channel ang natatanging ganda at yaman ng Davao (Region XI) na kilala bilang "Durian and Orchid Capital of the Philippines." Sa tampok na ito, dadalhin ang mga manonood sa isang paglalakbay sa mga tanawin, tunog at sayaw ng Davao.

Oct 13 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

Oct 19 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

Region I

Vigan

Ang Vigan City ay isa sa mga pangunahing bayan sa larangan ng kalakalan sa Hilagang Pilipinas noon at maging hanggang sa kasalukuan. Nag-iwan ang pananakop ng Espanya ng mga kaakit-akit na mga bahay na bato at mga istrikturang hanggang sa kasalukuyan ay dinarayo pa rin ng mga turista. Buhay na buhay pa rin ang mga sinaunang kultura na naipamamalas sa mga antigo at bagong katutubong kagamitan, iba't ibang uri ng sining, pagkain, at mga magigiliw at palakaibigang mamamayan.

Oct 20 (Fri)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Oct 26 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm
Nov 2 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm

Region X

Misamis Occidental

Oct 27 (Fri)	10:00am - 10:20am

	2:40pm - 3:00pm
Nov 3 (Thu)	10:00am - 10:20am
	2:40pm - 3:00pm